

Mga Karapatan ng Mag-aaral

Seksyon 504 at Mga Mag-aaral na May Kapansanan

Ang bawat mag-aaral na may kapansanan ay protektado mula sa diskriminasyon sa ilalim ng batas pederal—**Seksyon 504** ng Rehabilitation Act ng Taong 1973. Ipinagbabawal sa batas na ito ang *diskriminasyon batay sa kapansanan* sa anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pagpopondo mula sa pamahalaang pederal. Ang lahat ng mga pampublikong paaralan sa estado ng Washington ay dapat na sumunod sa batas pederal na ito.

Hinihiling mula sa Seksyon 504 na ang mga pampublikong paaralan ay magkaloob ng "free appropriate public education" (FAPE) o "libre at angkop na pampublikong edukasyon" sa bawat mag-aaral na may kapansanan—sa kabila ng kalikasan o kalubhaan ng kapansanan. Sa ilalim ng Seksyon 504, ang mga paaralan ay dapat na magkaloob sa mga mag-aaral na may kapansanan ng mga akomodasyon, mga tulong, at mga serbisyo na kailangan nila para **makagamit at makinabang mula sa edukasyon na patas tulad sa mga kasamahan nila**.

Ano ang kahulugan ng Kapansanan sa ilalim ng Seksyon 504?

Tinutukoy sa Seksyon 504 na ang kapansanan ay isang pisikal o pangkaisipan na kahinaan na *lubos na nagbibigay limitasyon* sa isa o higit pang *pangunahing aktibidad sa buhay*. Ang kahulugan para sa kapansanan na ito ay dapat na malawakan ang saklaw ng pagpapaliwanag.

Ang mga pangunahing aktibidad sa buhay ay mga aktibidad na mahahalaga sa pang-araw-araw na mga pamumuhay ng mga tao. Ang pag-aalaga sa sarili, paggawa ng mga kilos na kailangan ang pagkilos ng kamay, paglalakad, pagkita ng mata, pagdinig, pananalita, paghinga, pag-aaral, pagtatrabaho, pagkain, pagtulog, pagtayo, pagyuko, pagbabasa, pag-concentrate o pag-ukol ng buong panahon, pag-iisip, at pakikipag-usap ay ilang mga halimbawa ng mga pangunahing aktibidad sa buhay. Kabilang rin sa mga pangunahing aktibidad sa buhay ay ang mga pangunahing pagganap ng mga bahagi ng katawan, tulad ng paggana ng digestive (pagtunaw sa pagkain), bowel (pagtae), bladder (pantog), utak, circulatory (nagdadala ng dugo sa buong katawan), reproductive (reproduktong panuplingan), neurological (nerbiyos), o respiratory (respiratoryo o pamaraang paghinga) na mga sistema.

Malaki-laking pagkalimitasyon ay dapat rin maipaliwanag sa malawakang saklaw. Ang kahinaan ng isang mag-aaral ay hindi kinakailangan makapigil, o lubos o lubhang makahigpit, sa isang mahalagang aktibidad sa buhay at sa gayon ay makapagdulong ng malaki-laking limitasyon.

Tasahin ang Kapansanan nang walang Mga Nagpapagaang na Pamamaraan

Ang mga nagpapagaang na pamamaraan ay hindi maaaring ikonsidera kapag tinatasa kung ang isang mag-aaral ay mayroon o wala man ng *malaki-laking nagbibigay ng limitasyon* na kahinaan. Ang mga nagpapagaang na pamamaraan ay dapat na kinabibilangan ng medikasyon, mga prostetikong aparato, mga aparato na pantulong, o mga natutunang behavioral o adaptive neurological na pagbabago na ginagamit ng mag-aaral para maalis o mabawasan ang mga epekto ng isang kahinaan.

Ang isang kahinaan na **episodic (panaka-nakang nangyayari) o in remission (pagkabawas ng tindi, gumaling na ngunit maaari pa itong bumalik o hindi na)** ay nananatiling isang kapansanan kung, kapag nasa aktibong yugto, ang kahinaang ito ay lubhang nakakapagbigay limitasyon sa isang pangunahing aktibidad sa buhay.

Paano Ako Makakakuha ng Mga Akomodasyon para sa Aking Anak?



Ang mga pampublikong paaralan ay dapat magkaloob ng mga angkop na akomodasyon, mga tulong, at mga serbisyo sa mga karapat-dapat na mag-aaral na nangangailangan ng mga akomodasyon na ito para makasali, at makakuha ng benepisyo mula, kanilang edukasyon. Kabilang dito ang lahat ng mga programa at aktibidad na ini-ispponsoran ng paaralan, tulad ng mga sports at field trip. Ang mga akomodasyon, mga tulong, at mga serbisyo na ito ay inilalarawan sa isang 504 na plano.

Ang mga mag-aaral na may karapatan sa isang 504 na plano **(1)** ay may pisikal o pangkaisipan na kahinaan na malaki-laking nagbibigay limitasyon sa isa o higit pang mga pangunahing aktibidad sa buhay, at **(2)** kailangan ang mga akomodasyon, mga tulong, o mga serbisyo—*dahil sa kanilang kapansanan*—para kanilang magamit at mapakinabangan mula sa kanilang edukasyon.

Para matiyak kung ang isang mag-aaral man ay kailangan ng 504 plan o hindi, kailangang sundin ng paaralan ang mga sumusunod na tatlong hakbang na ito: magrekomenda, ipagsama-sama ang isang pangkat 504, at tasahin.

Ang Mga Magulang ay May Mga Karapatan sa Ilalim ng Seksyon 504. Ang paaralan ay dapat magbigay sa mga magulang ng isang kopya ng kanilang mga karapatan, na tinatawag na *Mga Pansanggalang sa Pamamaraan*, bago may sinumang magsagawa ng pagkilos patungo sa pagtatasa ng isang mag-aaral o pagbubuo ng isang 504 na plano.

1. Humiling ng isang Rekomendasyon para sa Pagtatasa

Sinumang, kabilang na ang magulang o tagapag-alaga, ay maaaring magrekomenda ng isang mag-aaral para matasa. Ang isang rekomendasyon sa Seksyon 504 ay dapat nasa isang kasulatan at hilingin sa paaralan na tasahin kung ang isang mag-aaral ay may kapansanan man o wala at kailangan ng mga akomodasyon, mga tulong, at mga serbisyo. Ang mga paaralan ay may espesyal na responsibilidad na magsagawa ng rekomendasyon sa Seksyon 504 para sa bawat mag-aaral na alam o pinaghihinalaan nilang may kapansanan at maaaring kailangan ang mga akomodasyon, mga tulong, o mga serbisyo.

2. Ipinagsama-sama ng Paaralan ang 504 na Pangkat

Ang mga indibiduwal na pangangailangan ng paaralan ay tumitiyak kung sino ang makakasali sa isang 504 na pangkat. Mayroong tatlong pangunahing mga miyembro ang anumang 504 na pangkat:

- Isang taong kilala ang mag-aaral—halimbawa, isang magulang, guro, doktor, nars, o counselor (tagapayo). Samantalang hindi kinakailangan na ang mga magulang ay sumali sa 504 na pangkat, ang pagsali ng isang magulang ay maaaring maging lubos na mahalaga.
- Isang taong marunong magsuri at ipaliwanag ang data ng pagtatasa.
- Isang tao na may kaalaman tungkol sa mga opsyon ng pagtatalaga sa paaralan.

Maging pagpapasiyahan ng 504 na pangkat kung ang mag-aaral ay karapat-dapat at magpapasiya kung anong mga akomodasyon, mga tulong, o mga serbisyo na dapat mailagay upang **mabawasan o maalis** ang hindi magandang epekto ng kapansanan ng estudyante sa kanyang pag-aaral.

3. Pagtatasa ng 504 na Pangkat

Una, naglilikom at nagsusuri ng data ang 504 na pangkat tungkol sa kondisyon ng mag-aaral. Ang data sa pagtatasa ay dapat na manggaling mula sa iba't ibang mga pinagkukuhanan ng tulong at impormasyon. Ang mga grado, mga marka sa pagsusulit, attendance (pagpasok sa paaralan), pagbisita sa health room, binigay na impormasyon ng magulang at mag-aaral, mga obserbasyon ng guro, medikal o sikolohikal na mga pagtatasa, mga data sa espesyal na edukasyon at medikal na impormasyon ay ilan lang sa mga halimbawa.

Ang 504 na pangkat ay dapat magkolekta ng data na sumasagot sa dalawang tanong na ito:

1. Ang mag-aaral ba ay may pisikal o pangkaisipan na kahinaan na lubhang nagbibigay limitasyon sa isa o higit pang pangunahing aktibidad sa buhay?
2. Kung gayon, anong mga akomodasyon, mga tulong, at mga serbisyo —kung mayroon man—ang kailangan ng mag-aaral para magamit at makinabang mula sa kanilang edukasyon?

Ang paaralan ay dapat may **pahintulot mula sa isang magulang o tagapag-alaga** bago simulan ang pagtatasa. Kapag walang pahintulot, hindi maaaring tasahin ng 504 na pangkat ang isang mag-aaral o magpatuloy sa proseso ng 504.

Pagtatasa at ang Tungkulin ng isang Medikal na Diagnosis (Pagkikilala sa Sakit)

Mayroong tatlong mahahalagang ideya na dapat maunawaan ng mga magulang tungkol sa medikal na diagnosis (pagkikilala sa sakit):

- Hindi maaaring hilingin ng paaralan mula sa isang magulang na magkaloob ng isang medikal na diagnosis para matasa ang isang mag-aaral. Gayunman, ang diagnosis ay maaaring magkaloob ng isang lubos na nakakatulong na impormasyon para sa 504 na pangkat.
- Maaaring hilingin ng paaralan ang isang medikal na pagtatasa, nang walang paggastos na babayaran ang magulang, kung kailangan ng 504 na pangkat ang medikal na impormasyon para makapagdesisyon.
- Ang medikal na diagnosis ay hindi parating nangangahulugan na kailangan ng isang mag-aaral ang 504 na plano. Hindi maaaring *magreseta* ang mga doktor ng isang 504 na plano—ang 504 na pangkat lamang ang maaaring magsagawa ng desisyon na iyon. Gayunman, dapat ikonsidera ng 504 na pangkat ang impormasyon na ipinagkakaloob ng doktor kapag tinatasa ang isang mag-aaral.

4. Bumubuo ng isang Plano ang 504 na Pangkat. Ipinapatupad ng Paaralan ang Plano.

Kung ipinapahiwatig sa pagtatasa na ang *mag-aaral ay may pisikal o pangkaisipan na kahinaan na malaki-laking nagbibigay limitasyon sa isa o higit pang pangunahing aktibidad sa buhay*, nagpapasiya ang pangkat kung kailangan man o hindi ng mag-aaral ang 504 na plano.

Inilalarawan sa plano ang mga akomodasyon, mga tulong, at mga serbisyo na kailangang ipagkaloob ng paaralan para tiyakin na makakaranas ang mag-aaral ng isang libre at angkop na pampublikong edukasyon, tulad nang hinihiling sa ilalim ng batas.

Ang paaralan ay dapat magkaroon ng pahintulot **mula sa magulang o tagapag-alaga** bago kumilos ang staff (tauhan) sa 504 na plano. Kailangang bigyan ng paaralan ang mga magulang ng kanilang kopya ng *Mga Pansangalang sa Pamamaraan ng Seksyon 504* sa puntong ito.

Habang nakatalaga na ang 504 na plano, ang lahat ng miyembro ng staff (tauhan) ng paaralan ay sumusunod sa plano na bigyang akomodasyon ang mag-aaral. Pananagutan ng paaralan—at hindi ng mag-aaral o magulang—na tiyakin na ang mga guro ay may kamalayan sa mga serbisyo, mga tulong, o mga akomodasyon sa plano.

Dapat na magpakonsulta ang mga guro sa **Seksyon 504 na coordinator** kung kailangan nila ng tulong o paglilinaw kung ano ang dapat gawin sa mag-aaral.

5. Nirerepaso at Tinatasa ng Paaralan ang 504 na Plano

Taon-taon, dapat ay repasuhin ng paaralan ang 504 na plano para tiyakin na patuloy nitong natutugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral. Gayunman, ang magulang o guro ay maaring humingi ng pagrerepaso kahit kailan kung sa palagay nila ay hindi nakakatugon ang plano sa mga pangangailangan ng mag-aaral.

Pana-panahon, ang 504 na pangkat ay dapat na muling magsagawa ng pagtatasa sa pagiging karapat-dapat ng mag-aaral para sa Seksyon 504 at sa mga akomodasyon, mga tulong, o mga serbisyo sa 504 na plano. Ang muling pagtatasa na ito ay dapat maganap ng kahit man lang isang beses kada tatlong taon, pero maaaring mangyari na mas madalas; depende ito sa mga pangangailangan ng mag-aaral.

Pagdidisiplina at Seksyon 504

Bago didisiplinahan ng paaralan ang isang mag-aaral na may kapansanan, lalo na kung kinasasangkutan ito ng isang pagsuspende o sapilitang pagpapaalis, kailangan magpasiya ang paaralan kung may pangangailangan para sa espesyal na pagpupulong na tinatawag na *manifestation determination* (*pagpapasiya sa malinaw na pagpapakita*). Sa pagpupulong na ito, ang 504 na pangkat ay nagpapasiya kung mayroon o wala mang ugnayan sa pagitan ng kapansanan ng mag-aaral o ng 504 na plano, at ng pag-uugali ng mag-aaral na naging dahilan sa pandisiplinang pagkilos.

Dapat na magsagawa ng isang pagpapasiya sa malinaw na paghahayag na pagpupulong ang 504 na pangkat bago maaaring masuspende o mapaalis ang isang mag-aaral na may kapansanan ng:

- Higit sa **sampung sunod-sunod** na pasok sa paaralan, **O**
- Higit sa **total na sampung araw ng pasok sa paaralan** habang taon ng pasukan, na maaaring magpahiwatig ng isang *huwaran sa pag-aalis*.

Mayroong dalawang katanungan na dapat sagutin ng 504 na pangkat sa isang pagpupulong ng pagpapasiya sa malinaw na pagpapahayag:

1. Ang pag-uugali ba na ito ay nilikha ng, o nagkaroon ba ito ng direkta at malaki-laking ugnayan sa, kapansanan ng mag-aaral?
2. Ang pag-uugali ba na ito ay isang direktang resulta ng kabiguan ng paaralan na sundan ang Seksyon 504 na plano ng mag-aaral?

Kung ang **sagot ay oo** sa alinman sa mga tanong, ang pag-uugali ay isang malinaw na pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral at maaaring manatili ang mag-aaral sa paaralan. Dapat na repasuhin ng 504 na pangkat ang 504 na plano ng mag-aaral at baguhin ito kung kinakailangan.

Kung ang **sagot ay hindi** sa parehong mga tanong, maaaring disiplinahan ng paaralan ang mag-aaral sa parehong paraan na dinidisciplina nito ang isang mag-aaral na walang kapansanan.

Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Ang panggugulo batay sa kapansanan ay isang uri ng diskriminasyon na ipinagbabawal sa mga pampublikong paaralan sa Washington. Ang mga paaralan ay dapat na magsagawa ng mga hakbang para protektahan ang mga mag-aaral mula sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon.

Dapat na imbestigahan ng staff (tauhan) ng paaralan ang posibleng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon—sa sandaling alam na nila, o makatuwirang dapat alam—kahit na ang isang magulang o mag-aaral ay hindi nagsasampa ng isang pormal na reklamo.

Kung ipinapakita sa isang imbestigasyon na ang mapanggulo na pag-uugali ay lumikha ng isang magulong kapaligiran, kailangang kumilos agad ang staff (tauhan) para mapahinto ang pag-uugali at tapusin ang magulong kapaligiran.

Ang paaralan ay dapat na:

1. Tugunan ang anumang mga epekto ng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon sa mag-aaral sa paaralan, **AT**
2. Tiyakin na ang mapanggulong pag-uugali ay hindi na muli pangmangyayari.

Maghanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon, mga patnubay sa patakaran ng distrito at pamamalakad, at mga kaugnay na mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong, <https://www.k12.wa.us/policy-funding/equity-and-civil-rights>.

Lutasin ang Mga Ikinababahala o Hindi Pagkakasunduan

Isang talakayan sa prinsipal ng inyong paaralan, o Seksyon 504 na coordinator sa distrito ng paaralan, ay madalas na ang pinakamabuting unang hakbang para matugunan ang inyong mga ikinababahala o hindi pagkakasunduan tungkol sa diskriminasyon at na magtrabaho patungo sa isang solusyon.

- **Pagtuunan ng pansin ang mga katotohanan** na may kaugnayan sa diskriminasyon at panggugulo, kung paano ninyo nauunawaan ang mga ito, **AT**
- Ipagbigay-alam sa prinsipal o coordinator kung **ano ang nais ninyong gawin nila para malutas ang problema**

Hanapin ang impormasyon sa pakikipag-uganayan sa coordinator ng Seksyon 504 sa inyong distrito dito, <https://www.k12.wa.us/policy-funding/equity-and-civil-rights/school-district-charter-school-compliance-coordinators>. Mayroon rin kayong opsyon na magsampa ng isang pormal na reklamo.

Mga Pormal na Reklamo — Diskriminasyon at Panggugulo na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Kung sa paniwala niyo na ang paaralan ay hindi sumusunod sa Seksyon 504 na plano ng inyong anak o ang inyong anak ay nakakaranas ng diskriminasyon o panggugulo, maaari kayong magsampa ng pormal na reklamo.

- Sa **Equity and Civil Rights (Pagkamatarungan at Mga Karapatang Sibil o Pangmamamayan)** na website, <https://www.k12.wa.us/policy-funding/equity-and-civil-rights/complaints-about-discrimination>, hanapin ang impormasyon tungkol sa pagsasampa ng pormal na reklamo at sundin ang mga hakbang.
- Makipag-ugnayan sa U.S. Department of Education (Departamento ng Edukasyon), **Office for Civil Rights (Opisina para sa Mga Karapatang Sibil o Pangmamamayan)** sa 206-607-1600 (TDD: 1-800-877-8339), o bumisita sa website, www.ed.gov/ocr.
- Makipag-ugnayan sa **Washington State Human Rights Commission (Komisyon ng Mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington)** sa 1-800-233-3247 (TTY: 1-800-300-7525), o bumisita sa website, www.hum.wa.gov.

Matuto ng higit pa. Magtanong. Humingi ng tulong.

Equity and Civil Rights (Pagkamatarungan at Mga Karapatang Sibil o Pangmamamayan) sa Office of Superintendent of Public Instruction (Opisina ng Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo)

360-725-6162 | TTY: 360-664-3631 | equity@k12.wa.us | <https://www.k12.wa.us/policy-funding/equity-and-civil-rights>

Para sa Seksyon 504 na Coordinator sa inyong distrito ng paaralan, bumisita sa:

<https://www.k12.wa.us/policy-funding/equity-and-civil-rights/school-district-charter-school-compliance-coordinators>

Maghanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa diskriminasyon at panggugulo batay sa kapansanan, mga patnubay para sa patakaran ng distrito at pamamalakad, at mga kaugnay na mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon, <https://www.k12.wa.us/policy-funding/equity-and-civil-rights>

Ang dokumentong ito ay nagbabalangkas sa mga karapatan at mga responsibilidad sa ilalim ng mga batas sa karapatang sibil/pangmamamayan ng estado at pederal. Maaari kayong magkaroon ng mga karagdagang karapatan sa ilalim ng iba pang mga batas. Ang impormasyong ito ay para sa pagbibigay impormasyon lamang—hindi para magbigay ng legal na payo. Para sa legal na payo na tiyak sa mga katotohanan at pangyayari ng inyong indibiduwal na situwasyon, mangyari lang makipag-ugnayan sa isang abogado.

Nagbibigay ang OSPI ng patas na access sa lahat ng mga programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuang beterano o militar na marangal na inalis sa katungkulan, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansanang sensory, pangkaisipan o pisikal, o ang paggamit ng sinanay na gabay na aso o hayop na nagseserbisyo ng isang taong may kapansanan. Ang mga tanong at reklamo ng pinaghihinalaang diskriminasyon ay madidirekta sa Equity and Civil Rights Director, (360) 725-6162 o P.O. Box 47200; Olympia, WA 98504.